Mga Permiso ng Seattle

—bahagi ng isang maraming departamentong serye sa mga serbisyo at pagpapahintulot ng Lungsod

Pagkuha ng Permiso

Na-update noong Enero 2023

Kailangan ko ba ng Permiso?

Ang ilang mga operasyon at aktibidad, kabilang ang pag-iimbak at/o paggamit ng mga mapanganib na materyales, ay nangangailangan ng permiso mula sa Kagawaran ng Bumbero ng Seattle kapag ang mga operasyon at aktibidad na iyon ay isinasagawa sa Seattle.

Mga Klase ng Permiso

Ang mga pansamantalang permiso ay ibinibigay para sa iba't ibang aktibidad at operasyon na isinasagawa sa maikling panahon. Maaaring kabilang dito ang mga aktibidad tulad ng pagtatayo ng mga tolda at canopy, pagbebenta ng pagkain, mga perya at piyesta, mga kalakalang palabas at eksibit, mga konsyerto, gumagamit ng init o apoy na trabaho sa mga sasakyang pandagat. Ang mga permiso para sa mga aktibidad sa bubong at lugar ng konstruksiyon ay ibinibigay para sa isang panahon na hindi hihigit sa anim na buwan.

Ang mga taunang permiso sa pagpapatakbo ay ibinibigay para sa pagpupulong na paggamit (mga simbahan, restawran, lugar ng kaganapan) at mga mapanganib na aktibidad o operasyon na patuloy na isinasagawa sa alinman sa isang nakapirming lokasyon o iba't ibang lokasyon sa buong lungsod.

Para matukoy kung kailangan mo ng permiso mula sa KBS, bisitahin ang listahan ng mga aktibidad/materyales na nangangailangan ng permiso: https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/ActivitiesRequiringaSFDPermit.pdf.

Bakit ko Kailangang Mag-apply para sa Permiso?

Kakailanganin mo ng impormasyon tungkol sa iyong mga aktibidad, operasyon, o materyales kasama, kung naaangkop, ang mga mapa ng pagtatayuan o mga plano.

Para sa ilang mapanganib na materyal na permiso, maaaring kailanganin mong magbigay ng isang Imbentaryo ng mga Mapanganib na Materyales na Ulat (IMMU) na naglilista ng kabuuang dami, sukat, mapanganib na mga bahagi at numero ng Chemical Abstract Service (CAS). I-download ang IMMU na form at gabay para sa gumagamit sa: http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits#hazardousmaterial.

Paano ako Mag-a-apply para sa Permiso?

Ang mga pagbabayad ay dapat gawin sa oras ng aplikasyon I-download ang mga form para sa aplikasyon at i-email sa permits@seattle.gov pagkatapos ay magbayad gamit ang credit card online.O ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon kasama ang iyong tseke na ginawa sa "Lunsod ng Seattle" sa:

Seattle Fire Department
Fire Prevention Division - Permits
220 Third Avenue South, 2nd Floor
Seattle, WA 98104-2608

Paano ako Mag-iiskedyul ng Inspeksiyon?

Ang mga pansamantalang permiso para sa mga mapanganib na aktibidad o pag-iimbak at paggamit ng mga mapanganib na materyales ay nangangailangan ng inspeksiyon mula sa KBS bago mo masimulan ang pinapahintulutang trabaho. Halimbawa, ang welding at ginagamitan ng init o apoy na trabaho sa mga bangka ay nangangailangan ng inspeksiyon bago mo simulan ang pinapahintulutang trabaho. Kung angkop, ang form ng aplikasyon ng permiso ay magtuturo sa iyo na humiling ng isang inspeksiyon bago simulan ang trabaho.Pakisuyong makipag-ugnayan sa amin nang hindi bababa sa mas maaga ng isang araw ng negosyo upang iiskedyul ang inspeksiyon—mag-email sa amin sa permits@seattle.gov o tumawag sa (206) 386-1450, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 4:30 p.m.

Para sa lahat ng iba pang permiso, hindi mo kailangang tumawag sa KBS para gawin ang inspeksiyon — kabilang dito ang taunang mga permiso sa mapanganib na mga materyales/operasyon, mga permiso sa espesyal na kaganapan, at taunang mga permiso sa lugar ng pagpupulong. Sa halip, ang aming mga inspektor ay

maaaring makipag-ugnayan sa iyo upang magsaayos ng isang oras na makipagkita sa iyo sa lokasyon, o maaari kaming magsagawa ng hindi ipinaalam na inspeksiyon bago ang pag-isyu ng permiso o pagkatapos maibigay ang permiso upang matiyak na natutugunan mo ang mga kondisyon ng permiso. Mga permiso na sensitibo sa oras (tulad ng mga espesyal na kaganapan na magaganap sa malapit na hinaharap o isang permiso sa paglalagay na nauugnay sa isang proyekto sa pagtatayo) ay binibigyan ng priyoridad at ang iba pang mga permiso na aplikasyon ay karaniwang sinusuri sa pagkakasunud-sunod na natanggap ang mga ito.

Pagkatapos mong isumite ang iyong aplikasyon at bayad, bibigyan ka namin ng resibo. Kung ikaw ay nag-apply para sa taunang permiso, dapat mong ipaskil ang resibo sa lugar ng trabaho hanggang sa maisagawa ang isang inspeksiyon at maibigay namin sa iyo ang permiso Sa oras na matanggap mo ang permiso, pakisuyong alisin ang resibo at ipaskil ang permiso at mga kondisyon. Ang responsableng partido para sa permiso ay hinihilingan na masiguro na ang mga kondisyon ng permiso ay nasusunod.

Paano ako Magiging Handa para sa Inspeksiyon?

Bago magsagawa ng inspeksiyon ang KBS, kailangang ihanda ang lahat ng kinakailangang kagamitan at kailangang handa ang lugar ng trabaho para sa trabaho. Bago mag-isyu ng permiso, titiyakin ng inspektor ng KBS na lahat ng kondisyon ng permiso ay nasunod sa lugar ng trabaho at tutukuyin kung kailangan pa ang anumang karagdagan o espesyal na mga kondisyon.

Sa lahat ng kaso, aabisuhan ka sa aabisuhan ka sa pamamagitan ng pagsulat ng anumang mga pagwawasto na maaaring kailanganin bago maibigay ang pag-apruba sa permiso.

Kailan ko Matatanggap ang Aking Permiso?

Ang mga pansamantalang permiso ay pipirmahan at ibibigay sa iyo sa panahon ng inspeksiyon. Ang mga taunang permiso ay iproproseso, irerekord at ipapadala sa iyo ng Tauhan ng Yunit para sa Permiso.

Maaaring suriin ang kalagayan ng isang permiso o aplikasyon online.

Mga Madalas Itanong

Pakisuyong suriin ang koleksiyon ng Mga Madalas Itanong ng mga customer online: http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits. Maaari mo rin kaming i-email sa permits@seattle.gov.

Kung mayroon ka pa rin na mga tanong tungkol sa proseso ng inspeksiyon ng permiso, maaari mong i-email ang Espesyal na Mga Espesyal na Panganib na Seksiyon sa SFD_FMO_SpecialHazards@seattle.gov o ang Espesyal na Kaganapan na Seksiyon sa SFD_FMO_SpecialEvents@seattle.gov.

LEGAL NA PAGTANGGI: *Ang Memo para sa Pag-alalay sa Kliyente (MPK) na ito ay hindi dapat gamitin bilang kapalit sa mga kodigo at regulasyon. Ang mga indibidwal ay may pananagutan sa pagsunod sa lahat ng mga kinakailangan sa kodigo at panuntunan, inilarawan man o hindi sa MPK na ito.*